

TANONG NG ESTADO NUM. 3

Pagamyenda sa *Konstitusyon ng Nevada*

Dapat bang amyendahan ang *Konstitusyon ng Nevada* upang pahintulutan ang lahat ng mga botante sa Nevada ng karapatang lumahok sa mga bukas na pangunahing halalan upang pumili ng mga kandidato para sa pangkalahatang halalan kung saan ang lahat ng mga botante ay maaaring i-ranggo ang natitirang mga kandidato ayon sa kagustuhan para sa mga tanggapan ng mga Senador ng U.S., Mga Kinatawan ng U.S., Gobernador, Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, Tesorero ng Estado, Kontroler ng Estado, Pangkalahatang Abugado, at mga Mambabatas ng Estado?

Oo

Hindi.....

PALIWANAG & SUMARYO

PALIWANAG— Ang inisyatibong ito, kung maisasakatuparan, ay magbabago sa Artikulo 5 at 15 ng *Konstitusyon ng Nevada* para sa mga halalan ng Kongreso ng U.S., Gobernador, Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, Tesorero ng Estado, Kontroler ng Estado, Pangkalahatang Abogado, at mga Mambabatas ng Estado, pagtanggap ng partisang primarya at magtatatag ng isang bukas na top-five na pangunahing halalan at isang pangkalahatang halalan ng pagboto na mayroong rango ng pagpili.

Para sa mga tanggapang ito, lahat ng mga kandidato at botante ay lumalahok sa isang pangunahing halalan anuman ang kanilang pagkakabilang sa partido o hindi pagkakabilang. Ang limang nangungunang kalahok ay umuusad sa pangkalahatang halalan, at ang nagwagi sa pangkalahatang halalan ay tinutukoy sa pamamagitan ng pagboto ng piniling ranggo:

- Irarango ng mga botante sa pangkalahatang halalan ang mga kandidato sa pagkakasunud-sunod ng kagustuhan mula sa una hanggang sa huli, kung nais nilang magranggo ng higit pa sa kanilang unang kagustuhan.
- Tulad ng kasalukuyang nakasaad sa ilang pangunahing halalan, ang kandidato sa pangkalahatang halalan na nakakakuha ng higit sa 50% ng mga boto bilang unang pagpipilian ay idinedeclarang panalo.
- Kung walang kandidato ang unang pinili ng higit sa 50% ng mga botante sa pangkalahatang halalan, ang kandidatong mayroong pinakamababang boto ay aalisin. Bawat botante na nagrango sa gayo’y naalis na kandidato bilang kanilang unang pagpipilian, ay naililipat ang kanilang isang boto sa kanilang susunod na pinakamataas na pagpipilian na kandidato.
- Ang proseso ng tabulasyon na ito ay umuulit hanggang ang isang kandidato na mayroong higit sa 50% na suporta ay matukoy bilang panalo.

Kung maipapasa, kinakailangan ng Lehislatura na magpatibay ng mga batas na nagpapatupad bago ang Hulyo 1, 2025. Ang mga pagbabagong ito ay magiging epektibo para sa halalan ng 2026, simula sa pangunahing halalan sa Hunyo 2026.

Ang isang “Oo” na boto ay mag-aamyenda sa Artikulo 5 at 15 ng *Konstitusyon ng Nevada* upang pahintulutan ang lahat ng mga botante ng Nevada na makilahok sa mga bukas na halalan sa pangunahing pagpili ng mga kandidato para sa pangkalahatang halalan kung saan ang lahat ng mga botante ay maaaring i-ranggo ang natitirang mga kandidato ayon sa kanilang kagustuhan para sa mga tanggapan ng Senador ng U.S., Kinatawan ng U.S., Gobernador, Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, Tesorero ng Estado, Kontroler ng Estado, Pangkalahatang Abogado, at mga Mambabatas ng Estado.

Ang isang “Hindi” na boto ay magpapanatili sa mga probisyon ng Artikulo 5 at 15 ng *Konstitusyon ng Nevada* sa kanilang kasalukuyang anyo.

SUMARYO—Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga primaryang halalan sa Nevada ay mga saradong halalan kung saan ang “mga kandidato para sa partisang tanggapan ng isang pangunahing partidong pampulitika at mga kandidato para sa hindi partisang tanggapan ay dapat na nominado sa primaryang halalan sa pamamagitan ng boto ng mga botanteng nakarehistro sa bawat pangunahing partidong pampulitika.” (NRS 293.175). Tanging ang mga rehistradong botante ng isang pangunahing partidong pampulitika ang maaaring makilahok sa pagpili ng mga kandidato para sa pangunahing partidong pampulitika para sa pangkalahatang halalan sa panahon ng primaryang halalan. Ang mga botanteng nakarehistro sa isang maliit na partido o hindi nakatali sa anumang partido ay maaari lamang bumoto para sa mga hindi partisang labanan sa panahon ng pangunahing halalan.

Ang Artikulo 15, seksyon 14 ng *Konstitusyon ng Nevada* ay kasalukuyang nagsasaad na ang nakararami ng mga boto na ibinoto ng mga tao sa isang halalan ay magiging batayan ng pagpili. Ibig sabihin nito na ang kandidato na makakatanggap ng nakararami sa mga boto, kahit na hindi ito nakararami (higit sa 50%) ng mga ibinotong boto, ay itinuturing na nagwagi sa labanang iyon.

Kung maaprubahan ng mga botante, ang panukalang ito ay ibabalik sa balota ng pangkalahatang halalan sa 2024. Kung maipapasa ito, babaguhin nito ang *Konstitusyon ng Nevada* upang baguhin ang primaryang halalan para sa lahat ng botante, anuman ang kanilang partido, ay makaboto para sa lahat ng mga kandidato. Ito ay magbabago sa pangunahing halalan mula sa isang paraan para sa mga pangunahing partidong pampulitika na tukuyin ang kanilang kandidato para sa pangkalahatang halalan at gagawin itong isang paraan upang bawasan lamang ang kabuuang bilang ng mga kandidato na ang mga pangalan ay lilitaw sa balota sa pangkalahatang halalan para sa partisang tanggapan. Sa ilalim ng pagbabagong ito, hindi hihigit sa limang kandidato ang maaaring umusad sa balota ng pangkalahatang halalan para sa mga partisang tanggapan.

Ang panukalang ito ay magbabago rin sa paraan ng pagpili para sa mga tanggapan ng mga Senador ng U.S., Kinakatawan ng U.S., Gobernador, Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, Tesorero ng Estado, Kontroler ng Estado, Pangkalahatang Abogado, at mga Mambabatas ng Estado sa paraang ang mga botante ay magkakaroon ng kakayahang i-ranggo ang kanilang mga kandidato ayon sa kanilang kagustuhan sa pangkalahatang halalan. Ang mga pagbabagong nakilala sa panukalang ito ay hindi magiging aplikable sa tanggapan ng Pangulo o Pangalawang Pangulo ng Estados Unidos. Sa ilalim ng bagong sistemang ito, magkakaroon ng kakayahan ang mga botante na ilista o i-ranggo ang mga kandidato na kanilang pinili ayon sa kanilang kagustuhan, na tinutukoy sa kanilang balota hanggang limang kandidato para sa bawat labanan ng partido ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod na kagustuhan. Ang mga boto ay bibilangin sa paraang

tutukoy kung ang isang kandidato ang mayroong pinakamataas na ranggo sa nakararami ng mga aktibong balota, kung gayon ang kandidato ay itinuturing na nahalal at ang pagbibilang ay natapos na. Kung walang kandidato na mayroong pinakamataas na ranggo sa nakararami ng mga aktibong balota, ang pagbibilang ay magpapatuloy sa susunod na mga round ayon sa nakasaad sa Seksyon 7 ng iminungkahing pagbabago sa konstitusyon hanggang sa ang kandidato na mayroong nakararaming boto ay ideklara bilang panalo.

Sa ilalim ng umiiral na batas, ang mga balota para sa mga pang-buong estadong tanggapan ay dapat maglaman ng opsyon para sa mga botante na pumili ng “Wala sa mga Kandidatong Ito.” (NRS 293.269). Sa ilalim ng mga iminungkahing pagbabago, ang anumang boto para sa “Wala sa mga Kandidatong Ito” ay itatala, isusulat, at gagawing pampubliko, ngunit hindi ito bibilangin para sa layunin ng paghalal o pagraranggo ng anumang kandidato para sa partisang tanggapan.

Sa wakas, ang panukalang ito ay nangangailangan na ang lehislatura ay lumikha o baguhin ang mga umiiral na batas bago ang Hulyo 1, 2025 upang maisakatuparan ang mga pagbabagong ito sa *Konstitusyon ng Nevada*.

ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS

Ang kasalukuyang proseso ng partisang halalan ay hindi epektibo para sa Nevada. Ang kasalukuyang batas ay nagbubukod sa mahigit 1/3 ng lahat ng botante ng Nevada mula sa mga pangunahing partisang halalan na pinopondohan ng mga nagbabayad ng buwis.¹ Ang mga saradong partisang primarya ay kontrolado ng mga tao sa loob ng partidong pampulitika at walang mamamayan ang dapat pilitin na sumali sa isang partidong pampulitika upang makaboto.²

Sa kabila ng pagpopondo mula sa mga buwis ng lahat ng mamamayan³, ang mga partisang primarya ng Nevada ay bukas lamang sa mga Taga-Nevada na nagparehistro bilang Republikano o Demokratiko.⁴ Ang kasalukuyang sistemang ito ay nag-iiwan ng maraming botante at nagbibigay-daan sa isang napakaliit, partisang minoritya na magtakda ng mga kandidato para sa pangkalahatang halalan.⁵

Ang saradong sistema ng pangunahing partisan ay nag-iiwan sa marami ng pakiramdam na hindi mahalaga ang kanilang mga boses, at na ang kanilang mga nahalal na pinuno ay kumakatawan lamang sa mga pinaka-makabansang kasapi ng partido.⁶ Ang ating mga pinuno ay madalas na mas nababahala sa retorika ng mga galit na partisan kaysa sa makatuwirang paggawa ng patakaran. Ang Tanong 3 ay lubos na magpapabuti sa proseso ng halalan sa Nevada, ilalagay ang kapangyarihan ng mga halalan sa tamang lugar – sa mga kamay ng lahat ng botante, sa halip na sa mga nakaupo sa partido.⁷

Ang Tanong 3 ay magbibigay sa LAHAT ng mga botante ng Nevada ng karapatan na makilahok anuman ang kanilang rehistrasyon sa partido.⁸ Sa pamamagitan ng paglikha ng isang bukas na pangunahing halalan, pinapahintulutan ng Tanong 3 ang lahat ng mga botante na magkaroon ng boses sa lahat ng mga kandidato na lilitaw sa balota ng pangkalahatang halalan, anuman ang kanilang pagkakabilang sa partido.⁹

Bilang karagdagan sa pagbibigay ng mas malaking boses sa mga Taga-Nevada, ang Tanong 3 ay magbibigay din sa mga botante ng mas maraming pagpipilian sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang sistema ng Pagraranggo ng mga Pagpipilian sa pangkalahatang halalan.¹⁰ Ang rango ng pagpili ay isang simpleng pagbabago sa ating mga halalan na nagbibigay-daan sa mga botante na i-ranggo ang hanggang limang kandidato na pinakamahusay na kumakatawan sa kanilang mga tanggapan, sa halip na pumili sa pagitan ng “lesser of two evils”.¹¹ Ang mga residente ng Nevada

ay maglalagay ng mga kandidato ayon sa kanilang kagustuhan; gayunpaman, hindi kinakailangan ang pagraranggo, at maaaring ipagpatuloy ng mga botante na bumoto para sa kanilang pangunahing pagpipilian kung nais nila.¹² Ang kandidato na makakatanggap ng pinakamalawak na suporta mula sa lahat ng botante ang magiging panalo.¹³ Ang simpleng pagbabagong ito ay naghihikayat sa mga kandidato na tumutok sa mga isyu na mahalaga sa nakararami sa halip na sa mga partidistang batayan ng mga partido.¹⁴

Ang Tanong 3 ay tinitiyak na ang boses ng bawat Taga-Nevada ay naririnig at na ang bawat boto ay mahalaga, anuman ang rehistrasyon sa partido, at ginagawang mas responsable ang mga halal na opisyal sa lahat ng mga Taga-Nevada.¹⁵

Bumoto ng 00 at bigyan ang mga Taga-Nevada ng mas maraming pagpipilian at mas maraming boses sa ating mga halalan.

Ang nabanggit na argumento ay iniharap ng Komite sa Tanong ng Balota na binubuo ng mga mamamayan na pabor sa tanong na ito ayon sa nakasaad sa NRS 293.252. Mga miyembro ng komite: Sondra Cosgrove (Tagapangulo), Pat Hickey, at Doug Goodman. Ang argumentong ito, na mayroong mga aktibong hyperlink, ay matatagpuan din sa www.nvsos.gov.

¹ <https://thenevadaindependent.com/article/non-major-party-voters-now-make-up-majority-of-registered-nevada-voters-for-first-time-in-state-history> (noting that 34.8% of voters consists of non-partisan or minor party voters).

² NRS 293.175 specifies that only candidates for partisan office of a major political party can appear on primary ballot.

³ Pursuant to NRS Chapter 293, primary elections are currently used as the nominating process for major political parties even though the elections are conducted by the government at taxpayer expense. NRS 293.175.

⁴ NRS 293.175 specifies that only candidates for partisan office of a major political party can appear on primary ballot.

⁵ Id.

⁶ <https://www.congressionalinstitute.org/2017/02/03/study-voters-frustrated-that-their-voices-are-not-heard/>; <https://www.uniteamerica.org/strategy/nonpartisan-primaries> (Address how elected officials must appeal and answer to the small minority of voters who participate in partisan primaries); https://www.fairvote.org/research_rcvcampaigncivility

⁷ Initiative's amendment to add Article 15, Section 17(1)(c) specifying that "[a]ny registered voter may cast a primary ballot for any candidate for partisan office regardless of the political party affiliation of the voter"

⁸ Initiative's amendment to add Article 15, Section 17(1)(c).

⁹ Initiative's amendment to add Article 15, Section 17(1)(c) specifying that "[a]ny registered voter may cast a primary ballot for any candidate for partisan office regardless of the political party affiliation of the voter"

¹⁰ Initiative's amendment to add Article 15, Section 18.

¹¹ Initiative's amendment to add Article 15, Section 18(7), specifying that if no single candidate is the first ranked choice of 50% plus 1 of all votes, the tabulation process continues until the candidate with the most support among all voters is determined.

¹² Initiative's amendment to add Article 15, Section 18(8).

¹³ Initiative's amendment to add Article 15, Section 18(7), specifying that if no single candidate is the first ranked choice of 50% plus 1 of all votes, the tabulation process continues until the candidate with the most support among all voters is determined.

¹⁴ Initiative's amendment to add Article 15, Section 18(7), specifying that if no single candidate is the first ranked choice of 50% plus 1 of all votes, the tabulation process continues until the candidate with the most support among all voters is determined. As such, candidates must now appeal to the majority of all voters, not just the partisan voters that can presently participate.

¹⁵ Id

SAGOT SA ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS

Ang jungle na primarya at nakakalitong multi-stage na mungkahi para sa pangkalahatang halalan ng Tanong 3 ay walang ginagawang solusyon sa partisanship sa proseso ng pulitika ng Nevada, at malamang na lalo pang palalalain ang sitwasyon.

Sa halip, ang inisyatibong ito ay lubos na makakasira sa tradisyonal na paraan ng ating mga halalan, at maaari itong magdulot ng pag-aalis ng mga partido mula sa pagtakbo ng mga kandidato sa pangkalahatang halalan sa ilang mga labanan. Sa maraming distrito, ang tanging pagpipilian sa Nobyembre ay maaaring maging sa pagitan ng mga kandidato ng parehong partido, o sa pagitan ng mas kaunting mga kandidato mula sa mga partido kumpara sa kasalukuyan.

Bilang karagdagan, kung pumasa ang Tanong 3, ang mga independiyenteng kandidato na hindi kaanib sa mga partidong pampolitika ay mapipigilang maglunsad ng kampanya sa pangkalahatang halalan, at sa halip ay kinakailangang makipagkumpetensya nang direkta sa magastos na primarya laban sa mga establisadong kandidato ng partido. Kailangan ng mga Taga-Nevada ng mas maraming de-kalidad na boses at ideya sa pulitika, ngunit ang inisyatibong ito ay talagang nagpapaliit sa mga pagpipilian ng mga botante.

Ang mga tagapagpondo ng espesyal na interes mula sa ibang estado para sa Tanong 3 ay nais na permanenteng isama ang matinding pagbabagong ito sa ating mga halalan sa ating Konstitusyon, nangangahulugang ang mapanganib na planong ito ay magiging halos imposibleng baguhin o bawiin, at ang gastos ng mga hinaharap na halalan ay tataas.

Ang resulta ng inisyatibong ito ay mas maraming pera sa nakakalason na mga kampanya sa politika at libu-libong boto na mawawalan ng halaga dahil sa mga nalilitong botante, na walang anumang pagbuti sa ating sistemang pampolitika.

Ang nabanggit na pagtutol ay isinumite ng Komite sa Tanong ng Balota na binubuo ng mga mamamayan na tutol sa tanong na ito ayon sa nakasaad sa NRS 293.252. Mga miyembro ng komite: Emily Persaud-Zamora (Tagapangulo) at Eric Jeng. Ang pagtutol na ito ay matatagpuan din sa www.nvsos.gov.

ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Ang mga pagbabagong inilahad ng Tanong 3 para sa mga halalan ay hindi inuuna ang mga botante. Ang inisyatibong ito, na pinondohan ng mga milyonaryo mula sa ibang estado at mga grupong mayroong espesyal na interes, ay ganap na magbabago sa mga halalan ng Nevada, na magiging mas kumplikado at mas matagal para sa pakikilahok ng mga botante.¹ Maaaring gumastos ang mga Taga-Nevada ng milyon-milyong dolyar ng pondo ng mga nagbabayad ng buwis para ipatupad ito, at isara ang mga pagbabagong ito sa ating Konstitusyon ng estado, na magiging halos imposibleng bawiin kung mabigo ang planong ito.²

“Isang tao, isang boto” ang nasa puso ng malaya at makatarungang halalan sa Amerika. Ang Tanong 3 ay nag-uugnay sa mga katanungan kung ito ay nakakasira sa pangunahing prinsipyong iyon, at nag-iiwan sa ilang mga botante sa panganib na ang kanilang mga boto ay maaaring hindi mabilang sa huli.³ Halimbawa, kung ang isang botante ay pipiliing magbigay ng ranggo sa isang kandidato lamang, maaaring hindi maisama ang kanilang balota sa huling bilang – na parang hindi sila dumalo sa halalan. Samantala, ang mga botante na pumili ng maraming kandidato ay bibilangin ng maraming beses ang kanilang mga boto. Noong 2021, mahigit 140,000 na balota sa Lungsod ng New York ang idineklarang “hindi aktibo” bago ang huling yugto ng pagbibilang at hindi na isinama sa kabuuang bilang ng mga boto – halos 15% ng lahat ng ibinotong balota.⁴

Ang pagboto sa pamamagitan ng piniling ranggo ay isang kumplikadong proseso na nagreresulta sa hanggang limang beses na mas maraming balota na hindi nabibilang dahil sa mga pagkakamali.⁵ Sa kasalukuyan, ang proseso ng pagboto sa Nevada ay tuwiran: pumipili ang mga botante kung aling kandidato ang kanilang sinusuportahan, at ang kandidato na mayroong pinakamaraming boto ang nananalo. Ang pagboto sa pamamagitan ng piniling ranggo ay nagpapahirap at

nagpapabigat sa pagboto, at nagpapababa ng pakikilahok sa ating mga halalan.⁶ Sa mga masisikip na labanan, maaaring tumagal ng ilang linggo bago matukoy ang nagwagi, na nagiging dahilan upang maraming botante ang magtanong sa bisa ng mga resulta.⁷

Ang Tanong 3 ay papalitan ang ating tradisyonal na pangunahing sistema ng isang “jungle na primarya” na sistema na katulad sa California. Ibig sabihin nito, ang mga kandidato mula sa isang solong partidong pampulitika ay maaari nitong ma-overwhelm ang pangunahing halalan at hindi pahintulutan ang ibang mga partidong pampulitika na makapasok sa balota ng pangkalahatang halalan sa Nobyembre. Isa itong matinding pagbabago na nagbabanta sa kakayahang maipakita ang lahat ng pananaw sa panahon ng pangkalahatang halalan sa Nevada.

Ang Tanong 3 ay magtatakda ng isang kumplikado, matagal, madaling magkamali, at magastos na bagong sistema ng pagboto sa *Konstitusyon ng Nevada*. Ang pagbabago sa konstitusyon na ito ay magiging lubhang mahirap na pawalang-bisa kung ang bagong sistema ay nabigo sa mga botante.

Hindi magiging mas mabuti ang ating mga halalan kung ang mga Taga-Nevada ay patuloy na nagdududa kung ang kanilang boto ay mabibilang sa mga huling bilang. Tinanggihan ng mga botante sa ibang estado at munisipalidad ang pagboto sa pamamagitan ng piniling ranggo kamakailan.⁸ Hinihikayat namin ang aming mga kapwa Taga-Nevada na bumoto ng hindi sa Tanong 3.

Ang nabanggit na pagtutol ay iniharap ng Komite sa Tanong ng Balota na binubuo ng mga mamamayan na tutol sa tanong na ito ayon sa nakasaad sa NRS 293.252. Miyembro ng komite: Emily Persaud-Zamora (Tagapangulo) at Eric Jeng. Ang pagtutol na ito, na mayroong mga aktibong hyperlink, ay matatagpuan din sa www.nvsos.gov.

¹<https://www.nvsos.gov/soscandidateservices/anonymousaccess/ViewCCEReport.aspx?syn=%252ff%252f9C1d9vf9pnbB28UmDwQ%253d%253d>

²<https://www.nvsos.gov/sos/home/showpublisheddocument/10568/637886493853600000>; <https://www.elections.alaska.gov/petitions/19AKBE/19AKBEStatementOfCosts.pdf>

³<https://www.reviewjournal.com/opinion/editorials/editorial-nevadans-should-be-wary-of-ranked-choice-voting-2616717/>

⁴<https://www.nytimes.com/interactive/2021/06/22/us/elections/results-nyc-mayor-primary.html>

⁵<https://commonwealthmagazine.org/politics/the-two-sides-of-ranked-choice-voting/>

⁶<https://news.sfsu.edu/news-story/ranked-choice-voting-linked-lower-voter-turnout>

⁷<https://www.nytimes.com/article/nyc-primary-results-explained.html>

⁸<https://www.wbur.org/news/2020/11/04/question-two-ranked-choice-voting-massachusetts-no>

SAGOT SA ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Ang pahayag ng tanggapan sa itaas ay puno ng mga nakaliligaw na pahayag. Nais ng mga pinuno ng partidong pampulitika na panatilihin ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagpigil sa Tanong 3 – patuloy na hadlangan ang mahigit 1/3 ng mga botante na makaboto sa mga saradong primarya sa Nevada.¹

Ang Tanong 3 ay nagbibigay garantiya sa bawat Taga-Nevada ng karapatan na bumoto sa mga pangunahing halalan, na pinapalaki ang prinsipyo ng isang tao, isang boto.² Ang Tanong 3 ay nagtataguyod ng mas mabuting pamamahala dahil ang mga nahalal na opisyal ay mananagot sa nakararami ng mga Taga-Nevada, hindi lamang sa mga partisang ekstremista.³

Sa pangkalahatang halalan, ang Tanong 3 ay nagbibigay-daan sa mga botante na pumili ng isang kandidato o i-ranggo ang hanggang limang kandidato ayon sa kanilang kagustuhan, na nagbibigay sa mga botante ng higit na kapangyarihan at ang mananalo na kandidato ay yaong mayroong pinakamalawak na suporta mula sa lahat ng botante.⁴ Walang boto ang hindi binibilang o hindi isinama. Milyon-milyong botante sa U.S. sa labas ng Nevada ay mayroon nang ganitong karapatan, kabilang ang maraming botanteng militar.⁵

Ang Tanong 3 ay hindi nangangailangan ng karagdagang pagkaantala sa pagbibilang ng mga balota, dahil mayroon na tayong pagboto sa pamamagitan ng koreo.⁶

Ang pagpapalakas ng karapatan na bumoto ay hindi naman mahirap. Ang mga mamamayan ay nagbibigay-prioridad sa mga pagpipilian araw-araw. Ang pagbibigay-prioridad sa mga kandidato upang ang nanalo ay mas sumasalamin sa kagustuhan ng mga botante — sa halip na sa mga pinuno ng partido — ang mahalaga.

Bumoto ng 00 sa Tanong 3 – upang makatulong sa pag-aayos ng sirang sistema.

Ang nabanggit na pagtutol ay isinumite ng Komite sa Tanong ng Balota na binubuo ng mga mamamayan na pabor sa tanong na ito ayon sa nakasaad sa NRS 293.252. Mga miyembro ng komite: Sondra Cosgrove (Tagapangulo), Pat Hickey, at Doug Goodman. Ang argumentong ito, na mayroong mga aktibong hyperlink, ay matatagpuan din sa www.nvsos.gov.

¹ <https://thenevadaindependent.com/article/non-major-party-voters-now-make-up-majority-of-registered-nevada-voters-for-first-time-in-state-history> (noting that 34.8% of voters consists of non-partisan or minor party voters).

² Initiative's amendment to add Article 15, Section 17(1)(c) specifying that “[a]ny registered voter may cast a primary ballot for any candidate for partisan office regardless of the political party affiliation of the voter”

³ Initiative's amendment to add Article 15, Section 18(7), specifying that if no single candidate is the first ranked choice of 50% plus 1 of all votes, the tabulation process continues until the candidate with the most support among all voters is determined. As such, candidates must now appeal to the majority of all voters, not just the partisan voters that can presently participate.

⁴ Id.

⁵ <https://www.fairvote.org/where-is-ranked-choice-voting-used>

⁶ AB 321 (2021 Nevada Legislature).

PISKAL NA TALA

EPEKTO SA PANANALAPI – 00

KABUUAN

Ang Pambuong Estadong Petisyon ng Inisyatibong Konsititusyonal – Tagapagkilala: C-01-2021 (Inisyatiba) ay nagmumungkahi na amyendahan ang iba’t ibang seksyon ng *Konstitusyon ng Nevada* upang isagawa ang mga sumusunod na pagbabago sa proseso ng halalan ng estado:

1. Lahat ng pangunahing halalan para sa mga partisang tanggapan ay dapat idaos bilang mga bukas na primarya.
2. Ang limang kandidato na tumatanggap ng pinakamaraming boto sa pangunahing halalan ay dapat sumulong sa pangkalahatang halalan, anuman ang kaanib ng partido ng kandidato.
3. Ang pangkalahatang halalan para sa mga partisang tanggapan, na kinabibilangan ng Senador ng Estados Unidos, Kinatawan ng Estados Unidos, Gobernador, Tenyente Gobernador, Pangkalahatang Abugado, Kalihim ng Estado,

Tesorero ng Estado, Kontroler ng Estado, at mga Mambabatas ng Estado, ngunit hindi kasama ang mga tanggapan ng Pangulo at Pangalawang Pangulo ng Estados Unidos, ay isasagawa sa pamamagitan ng isang balota na mayroong ranggo ng pagpili.

EPEKTO SA PANANALAPI NG INISYATIBA

Ayon sa Artikulo 19, Seksyon 2 ng *Konstitusyon ng Nevada*, ang isang inisyatiba na nagmumungkahi na baguhin ang *Konstitusyon ng Nevada* ay kinakailangang aprubahan ng mga botante sa dalawang sunod-sunod na pangkalahatang halalan upang maging bahagi ng Konstitusyon. Kung ang Inisyatibang ito ay aprubahan ng mga botante sa Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre 2022 at Nobyembre 2024, ang mga probisyon ng Inisyatiba ay magiging epektibo sa ikaapat na Martes ng Nobyembre 2024 (Nobyembre 26, 2024), kapag ang mga boto ay sinuri ng Korte Suprema alinsunod sa NRS 293.395.

Ang mga sumusunod na probisyon ng Inisyatiba ay nakilala bilang mayroong potensyal na pinansyal na epekto sa estado at mga lokal na pamahalaan:

1. Ang mga probisyon ng Inisyatiba na nag-aatas na ang lahat ng pangunahing halalan para sa mga partisang tanggapan ay isagawa bilang mga bukas na primaryang halalan ay magresulta sa isang nag-iisang halimbawa ng balota na ipapamahagi sa lahat ng nakarehistrong botante para sa bawat pangunahing halalan, anuman ang pagkakabilang sa partido, sa halip na magkahiwalay na halimbawa ng balota para sa mga botante ng bawat partidong pampulitika. Bagaman ang mga probisyong ito ay aalisin ang pangangailangan para sa mga lokal na pamahalaan na maghanda ng hiwalay na mga halimbawa ng balota para sa bawat pangunahing partidong pampulitika, ang pagdaragdag ng lahat ng mga kandidato para sa bawat labanan na mayroong partido sa lahat ng mga balota, anuman ang pagkakaugnay sa partido, ay maaaring magresulta sa pagtaas ng bilang ng mga pahina na kinakailangan upang i-print ang bawat halimbawang balota, na maaaring magpataas ng mga gastos na pasanin ng mga lokal na pamahalaan upang maibigay ang mga halimbawang balota na iyon.

Dahil hindi maaasahan ang bilang ng mga kandidato na maaaring pumili na tumakbo para sa bawat partisang tanggapan sa mga darating na halalan, hindi matutukoy ang laki ng halimbawang balota na ipapadala sa bawat nakarehistrong botante, at ang magiging epekto nito sa pananalapi ng mga lokal na pamahalaan, ay hindi matutukoy nang mayroong anumang makatwirang antas ng katiyakan.

2. Ang mga probisyon ng Inisyatiba na nangangailangan na ang limang kandidato na makakatanggap ng pinakamaraming boto sa halalan ng mga pangunahing kandidato ay dapat na umusad sa pangkalahatang halalan, anuman ang partido ng kandidato, ay maaari ring makaapekto sa bilang ng mga kandidato na lilitaw sa halimbawang balota na ginawa para sa mga rehistradong botante sa bawat pangkalahatang halalan at, samakatuwid, ay maaaring magpataas ng bilang ng mga pahina na kinakailangan upang i-print ang bawat halimbawang balota para sa mga rehistradong botante sa anumang pangkalahatang halalan na ginanap sa estadong ito.

Dahil hindi matutukoy ang bilang ng mga kandidato na maaaring pumiling tumakbo para sa bawat tanggapan sa mga hinaharap na halalan, hindi rin matutukoy ang posibleng pagtaas sa laki ng halimbawang balota na ipinapadala sa bawat nakarehistrong botante bago ang bawat pangkalahatang halalan, pati na rin ang posibleng epekto sa pananalapi sa mga lokal na pamahalaan na maaaring idulot ng mga pagbabagong ito sa laki ng halimbawang balota, ay hindi matutukoy nang mayroong anumang makatwirang antas ng katiyakan.

3. Ang mga probisyong nangangailangan ng mga pangkalahatang halalan para sa ilang partikular na partisang tanggapan na tinukoy sa Inisyatiba na isagawa gamit ang piniling-ranggo na balota ay magpapataas ng mga gastos para sa estado at mga lokal na pamahalaan, simula sa pangkalahatang halalan na gaganapin sa Nobyembre 2026, kung ang Inisyatiba ay aprubahan ng mga botante sa mga pangkalahatang halalan sa Nobyembre 2022 at Nobyembre 2024.

Noong Disyembre 2021, nagbigay ang tanggapan ng Kalihim ng Estado ng impormasyon sa Dibisyon ng Pagsusuri sa Pananalapi na mayroong kaugnayan sa mga potensyal na gastos na mayroong kinalaman sa pagpapatupad ng pagboto sa pamamagitan ng piniling-ranggo. Ang impormasyong ito, na nakuha sa pakikipagtulungan ng mga lokal na pamahalaan, ay tinatatyang ang isang beses na gastos ng estado at mga lokal na pamahalaan na humigit-kumulang \$3.2 milyon simula sa FY 2025, bago ang Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre 2026, na mayroong kaugnayan sa voter outreach at edukasyon, pagtaas ng gastos sa mga balota, mga gastos sa tauhan, kagamitan, gastos para sa software at programming ng mga makina ng pagboto, at mga pag-update sa mga materyales sa pagsasanay.

Tinatatya ng tanggapan ng Kalihim ng Estado ang patuloy na gastos na mayroong kaugnayan sa pagpapatupad ng pagboto sa pamamagitan ng piniling-ranggo na humigit-kumulang \$57,000 bawat taunang piskal, na mayroong kaugnayan sa pagbabayad ng mga bayarin sa lisensya sa mga vendor na nagsusuplay ng software ng halalan sa bawat labimpitong lalawigan ng Nevada. Ang impormasyong ibinigay ay nagpapahiwatig din na maaaring mayroong karagdagang patuloy na gastos na mayroong kaugnayan sa pagtaas ng suplay ng balota na kinakailangang gamitin ng mga lalawigan para sa bawat pangunahing halalan at pangkalahatang halalan, depende sa bilang ng mga indibidwal na tatakbo para sa mga tanggapan ng Senador ng Estados Unidos, Kinatawan ng Estados Unidos, Gobernador, Tenyente Gobernador, Pangkalahatang Abugado, Kalihim ng Estado, Tesorero ng Estado, Kontroler ng Estado, at ang Mambabatas ng Estado. Gayunpaman, dahil ang bilang ng mga indibidwal na maaaring tumakbo para sa mga tanggapang ito sa anumang halalan ay hindi matutukoy, ang epekto nito sa patuloy na gastusin para sa estado at lokal na pamahalaan ay hindi maaaring matukoy nang mayroong anumang makatwirang antas ng katiyakan.

Batay sa impormasyong ibinigay ng tanggapan ng Kalihim ng Estado, sa pakikipagtulungan sa mga apektadong lokal na pamahalaan, natukoy ng Dibisyon ng Pagsusuri sa Pananalapi na ang pagpapatupad ng Inisyatiba ay magresulta sa karagdagang isang beses at patuloy na mga gastusin para sa estado at mga lokal na pamahalaan pagkatapos ng petsa ng bisa nito. Gayunpaman, ang mga pagtataya ng Kalihim ng Estado sa mga gastos na nakasaad sa pahayag ng pinansyal na epekto na ito ay nakabatay sa impormasyong magagamit noong Disyembre 2021. Ang Dibisyon ng Pagsusuri sa Pananalapi ay hindi madaling makakalkula ang mga gastos na kaugnay ng pagpapatupad at pamamahala ng Inisyatiba simula sa cycle ng 2026 na halalan; samakatuwid, ang aktwal na epekto sa mga isang beses na gastos at patuloy na gastusin na pasanin ng estado at mga lokal na pamahalaan sa FY 2025 at mga susunod na taon ng piskal ay hindi matutukoy nang mayroong anumang makatuwirang antas ng katiyakan.

Inihanda ng Dibisyon ng Pagsusuri sa Pananalapi ng Kawanihan ng Payo ng Batasan – Mayo 20, 2022